

Anchorage School District

ACADEMIC ENGLISH LANGUAGE LEARNERS

Student Proficiency

Pangalan ng Mag-aaral:

ID ng Mag-aaral:

Paaralan:

Grade:

ACCESS or MODEL Overall Proficiency:

Petsa ng Eksamen:

Entering Emerging Developing Expanding Bridging Reaching

Mahal na Magulang /Tagapag-alaga

Ang inyong mag-aaral ay natukoy na karapatdapat para sa English Language Learners (ELL) program batay sa impormasyong ibinigay ninyo sa Parent Questionnaire (PQ) nang una ninyong iparehistro ang inyong mag-aaral sa Anchorage School District. Tungkulin ng Anchorage School District na kilalanin at tiyakin na ang mga mag-aaral na may impluwensiya ng isang wika na hindi Ingles sa kanilang kapaligiran, ay karapat-dapat para sa ELL program. Kamakailan lamang ang sukat sa kakayahan sa wikang Ingles ng inyong mag-aaral ay nagpapakita ng patuloy na natutugunan niya ang batayan para sa programa. Ang kabuoang iskor sa panukat /pagsusulit na ito ay makikita sa itaas. Upang makita ang mga nakaraang marka sa mga pagsusulit ng inyong mag-aaral, mangyari lamang na tingnan ang Testing Result section sa Parent Connect

Makikita sa ibaba ang impormasyon ukol sa mga modelong suporta ng ELL program. Nakatuon ang Anchorage School District sa tagumpay ng lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Multi-Tiered System of Supports model ([MTSS](#)). Upang makita ang iskedyul ng mga kurso ng inyong mag-aaral , tingnan ang Schedule section sa Parent Connect.

English Language Arts & Focused Language Study

Ang isang paraan ng pagtuturo ng English language arts na ginagamit sa lahat ng mga mag-aaral ay ang pagtuturo ng wika na isinasama ang akademikong pagsulong sa wikang Ingles simula sa antas/(Tiers) I, II, at III. Sa modelong ito, ang mga kawani ng ELL Program ay nakikipag-ugnayan sa mga kasamahang namumuno, propesyonal na nagtuturo at gumagawa ng kurikulum upang makatiyak na ang mga katayuan ng Tier I at ang wikang interbensyon at ang pagpapaunlad ng karunungan ay makakatulong upang mapabilis ang pagsulong sa pag-unlad ng Wikang Ingles. Ang modelong ito ay hinango sa [Council of Great City School's ELD 2.0 model](#) at kay Nonie Lesaux at mga kasamahan sa kanilang gawain na may kaugnayan sa [integrated approaches to language and literacy instruction](#).

•**Tier/Baitang I:** propesyonal na pagsulong sa buong distrito na ang sentro ay binuo sa lahat ng mga silid aralan - lalo na ang English Language Arts – isang sama-samang gawain na makatutulong sa pag-unlad ng Akademikong wikang Ingles na pamumunuan ng Office of the Superintendent, ang heads of Teaching and Learning at pamumuno sa paaralan

•**Tiers II at III:** Mga kursong interbensyon /o pandagdag na tulong na gumagamit ng mga kagamitang nauugnay sa kurikulum at mga pamamaraang dinisenyo upang makilahok ang mga English Learners at iba pang Academic English Learners sa pagkakaroon ng intermediate (Tier III - ELD level 2.5 -4.0) at advanced (Tier II - 4.0 at pataas)mga katangian ng Akademikong Ingles at karunungan.

Newcomer Academies

Ang mga mag-aaral na bagong dating (mga mag-aaral na wala pang dalawang taon sa mga paaralan sa US at hindi pa umaabot sa WIDA proficiency level na 2.5) sa anumang paaralang sekondarya na inaasahang may 10 o mahigit pang mga mag-aaral na bagong dating ay pinagkakalooban ng mga kursong espesyal na dinisenyo na nag-aalok sa kanila ng simulain para sa pagpapa-unlad ng kakayahan sa Common Core Literacy practices na isinasagawa sa pamamagitan ng mga proyekto at mga karanasan sa paglutas ng mga suliranin bilang daan sa pag-unlad ng kasanayan sa pagtatanong, paglutas ng mga suliranin sa tunay na buhay, at ihanda ang mga mag-aaral para sa kolehiyo at mga karanasan sa karera.

• **ELA - Social Studies Infused** – Ang mga mag-aaral ay kritikal na mag-iisip, iproseso at suriin ang kasaysayan, kultural at mga pangkasalukuyang pangyayari; suriin ang mga pinangkukunan, at gumamit ng ebidensya; at makipag-ugnayan gamit ang pagsusulat, pagsasalita at mga teknolohikal na mga simulain.

• **STEM Innovations Series** – Pangangasiwaan at mararanasan ng mga mag-aaral ang pagtatanong batay sa mga imbestigasyon at kasama rin ang pag-susuri, pagpapakahulugan sa wika ng science, technology, engineering, at mathematics

Natutugunan ng ELL program ang mga layunin na itinakda para sa mga mag-aaral na kulang pa ang kakayahan sa wikang Ingles na may kapansanan bilang pagsunod sa patakaran ng ASD tungkol sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Ang impormasyong ito ay matatagpuan sa [ASD Special Education website](#).

Upang hindi na lumahok ang inyong mag-aaral sa ELL program, siya ay dapat na magtamo ng proficiency iskor sa taunang English language proficiency assessment, [ACCESS](#), na ibinibigay tuwing Pebrero. Upang makita ang mga nakaraang iskor sa English language proficiency assessment, tingnan ang Testing Results section sa Parent Connect. Kailangang matugunan ng mag-aaral ang mga sumusunod upang hindi na lumahok sa ELL program

Overall/Composite score na 4.5 o mas ,mataas
Listening, Reading and Speaking scores na 4.0 or mas mataas, at
Writing score na 3.8 o mas mataas

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong mag-aaral kung may anumang mga katanungan, alalahanin, o kung nais ninyo ng nilimbag na kopya ng sulat na ito.

English Language Learners Program
Anchorage School District

Kung hindi nais ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay makatanggap ng mga serbisyo mula sa ELL program, dapat na ipaalam sa paaralan o sa ELL program. Ang mag-aaral ay kailangan pa ring kumuha ng taunang English language proficiency assessment/eksamen hanggang sa maabot niya ang kapantayang proficiency.

Para sa mga katanungan sa Filipino/Tagalog, mangyari lamang na tawagan ang ELL Interpreter Request Line sa 907 742-4884.